# ISANG GABAY NG MAGULANG SA PAG-UNAWA

## Ang Pangkalahatang Pagtatasa sa Kahusayan sa Wikang Ingles para sa California (English Language Proficiency Assessments for California (ELPAC))

Alam naming maraming katangiang dala-dala ang inyong anak sa paaralan, at maaari din silang mangailangan ng dagdag na suporta sa silid-aralan.



## Sino ang kumukuha ng pagsusulit na ito?

Ang mga estudyanteng matutukoy bilang mga mag-aaral ng Ingles ay kukuha ng Summative ELPAC hanggang sa matukoy sila bilang mahusay na sa Ingles.

## Bakit kinukuha ng mga estudyante ang pagsusulit na ito?

Sinusukat ng Summative ELPAC ang pagkatuto ng inyong anak sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat sa Ingles. Bibigyan ng pagsusulit na ito ang guro ng inyong anak ng impormasyon tungkol sa kung saan sila maaaring mangailangan ng dagdag na suporta.

## Kailan kinukuha ng mga estudyante ang pagsusulit na ito?

Kukunin ng inyong anak ang Summative ELPAC tuwing tagsibol, hanggang sa sila ay matatas sa Ingles at hindi na nangangailangan ng dagdag na suporta. Makakatanggap kayo ng karagdagang impormasyon mula sa paaralan ng inyong anak tungkol sa mga tiyak na petsa at oras ng pagsusulit.

## Paano kinukuha ng mga estudyante ang pagsusulit na ito?

Para sa karamihan ng mga estudyante, kinukuha ang pagsusulit sa isang computer. Para sa mga estudyanteng nasa kindergarten hanggang baitang 2, ang Pagsusulat na bahagi ng pagsusulit ay kiniukuha gamit ang papel at lapis. Kinukuha sa maliliit na grupo ng mga estudyanteng kumukuha ng mga bahagi ng pagsusulit sa Pakikinig, Pagbabasa, at Pagsusulat, at ang bahagi ng pagsusulit sa Pagsasalita ay harapan kasama ng isang tagapangasiwa ng pagsusulit. Kinukuha ng mga estudyanteng nasa kindergarten at baitang 1 ang buong pagsusulit nang harapan kasama ang isang tagapangasiwa ng pagsusulit.

## Anong mga kagamitan ang mayroon?

Magkakaroon ng access ang inyong anak sa mga kagamitang kailangan nila kapag kinukuha ang pagsusulit, gaya ng highlighter, notepad, o scratch paper. Makakatulong ang mga kagamitang ito na ma-access ng inyong anak ang pagsusulit, at hindi ito makakaapekto sa kanilang mga score sa anumang paraan. Pwede kayong makipag-usap sa guro ng inyong anak tungkol sa iba pang mga kagamitang maaaring makatulong sa inyong anak.

## Paano ko matutulungan ang aking anak?

- Ipaalala sa inyong anak na gusto ninyo ng kaniyang guro na gawin niya ang buo niyang makakaya, at nariyan kayo para tulungan siya sa bawat hakbang.
- Bisitahin ang website ng Starting Smarter sa https://elpac.startingsmarter.org para mas maunawaan ang Mga Student Score Report, makita ang mga halimbawang tanong, at ma-access ang mga mapagkukunan ng impormasyon upang masuportahan ang pagkatuto ng inyong anak.
- Kumuha ng isang pagsasanay na pagsusulit kasama ang inyong anak sa https://www.elpac.org/resources/online-practice-and-training-test/.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga marka ng inyong anak, makipag-ugnayan sa guro ng inyong anak at/o sa tanggapan ng paaralan.

DEPARTMENT OF EDUCATION · STATE OF CALIFORNIA

Hulyo 2022